Mensahe Tatlo

## Namumuhay sa Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng Kautusan ng Espiritu ng Buhay sa Roma 8

Babasahin sa Kasulatan: Roma 8:2, 10, 6, 11, 28-29; 12:1-2

**I. Ang susi sa pagiging isang mandaraig ay ang kautusan ng Espiritu ng buhay Roma 8, isang kapitulo para sa mga desperadong naghahanap—7:24—8:2, 28-29; Awit 105:4:**

A. Ang Roma 7 ay ang karanasan sa pagiging "nasa laman"; ang Roma 8 ay ang karanasan sa pagiging "nasa espiritu" (ang dibinong Espiritung nananahan sa ating pantaong espiritu at ang dalawang ito ay pinaghalo upang maging isang espiritu)—bb. 4, 9-10, 16; 1 Cor. 6:17; 2 Tim. 4:22.

B. Inihahatid tayo ng pagtatamasa sa kautusan ng Espiritu ng buhay sa Roma 8 tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo sa Roma 12; gumagawa sa loob natin ang kautusang ito habang tayo ay namumuhay sa Katawan at para sa Katawan—8:2, 28-29; 12:1-2, 11; Fil. 1:19.

**II. Ang Roma 8 ay ang pokus ng buong Biblia at ang sentro ng sansinukob; kaya, kung nararanasan natin ang Roma 8, tayo ay nasa sentro ng sansinukob:**

A. Sa kawalang-hanggang nakalipas, nilayon ng Diyos na pumasok sa Kanyang tinubos na bayan upang Siya ay maging kanilang buhay at upang sila ay maging Kanyang sama-samang kahayagan; ito ang pokus ng ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:3-5.

B. Ang tao ang sentro ng paglikha ng Diyos sapagkat ang intensiyon ng Diyos ay ang maihayag sa pamamagitan ng tao; maaari lamang maging kahayagan ng Diyos ang tao sa pamamagitan ng pagpasok ng Diyos sa tao upang maging buhay at nilalaman ng tao at upang gawin ang tao na kaisa Niya nang sa gayon ay makapamuhay ang tao sa pamamgitan Niya at maipamuhay pa Siya; sa ganitong paraan ang Diyos ay nahahayag sa loob ng tao.

C. Sinasabi sa Zacarias 12:1, "Ganito ang sabi [ni Jehovah], na naglatag ng langit at nagtatag [ng mga pundasyon] ng lupa at lumikha ng espiritu ng tao":

1. Ang espiritu ng tao ay kahanay ng kalangitan at ng lupa sapagkat ang ating espiritu ay ang lugar kung saan ninanais manahan ng Diyos—Efe. 2:22; cf. 2 Tim. 4:22.
2. Ang kalangitan ay para sa lupa, ang lupa ay para sa tao, at ang tao ay nilikha ng Diyos na may espiritu upang makaugnay niya ang Diyos, matanggap ang Diyos, masamba ang Diyos, maipamuhay ang Diyos, matupad ang layunin ng Diyos para sa Diyos, at maging kaisa ng Diyos.

D. Ang sentrong pokus sa sansinukob ay yaong ang naprosesong Tres-unong Diyos ay pumasok sa atin at ngayon ay nananahan sa atin; ito ang pinakadakilang himala; wala nang iba pa sa sansinukob na mas hahalaga kaysa dito—Isa. 66:1-2; Juan 14:23; 15:4.

E. Dapat puspos tayong lahat ng kagalakan yamang ang Tres-unong Diyos ay nananahanan sa atin at kaisa natin; Siya ang ating buhay at ating persona, at ginagawa Niya tayong Kanyang tahanan—Efe. 3:14-17.

F. Ang Tres-unong Diyos ay naproseso sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit upang maging kautusan ng Espiritu ng buhay na nakalagay sa ating espiritu bilang isang "siyentipikong" kautusan, isang awtomatikong prinsipyo; ito ang isa sa pinakamalaking pagtuklas, pagbabawi pa nga, sa ekonomiya ng Diyos—Roma 8:2-3, 10-11, 34, 16.

G. Ang Espiritu ng buhay, ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ni Kristo, si Kristo Mismo, at ang nananahanang Espiritu sa Roma 8:2, 9-11 ay tumutukoy lahat sa timpladang Espiritu na nagbibigay ng buhay—cf. Exo. 30:22-25; Fil. 1:19; 1 Cor. 15:45b:

1. Sa pahayag na *ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu* at ang *Diyos* ay magkaaposisyon, nagpapahiwatig na ang Espiritu at ang Diyos ay isa—Roma 8:9.

2. Gayundin, *ang Espiritu ni Kristo, ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay,* at *ang Espiritu ng buhay* sa Roma 8 ay nagpapahiwatig na ang Espiritu ay si Kristo, ang bumubuhay na muling Isa, at buhay; samakatwid, yamang ang Espiritu ay nananahanan sa atin, ang lahat ng tatlo sa Tres-unong Diyos ay nasa atin bilang buhay—bb. 9, 11, 2.
3. Ang Espiritu sa Roma 8 ay ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu bilang sukdulang kaganapan at pag-abot, aplikasyon, ng Tres-unong Diyos sa atin.
4. Ang Tres-unong Diyos bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ay nasa loob natin upang maranasan at matamasa natin sa pamamagitan ng pagkuha sa Kanya bilang ating buhay at ating persona; tayo ang sisidlan ng Tres-unong Diyos—2 Cor. 4:7.

H. Nang natanggap natin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsampalataya tungo sa Kanya, nagpangsyon Siya bilang kautusan ng Espiritu ng buhay upang ipamahagi ang Kanyang sarili bilang dibino, di-nilikhang buhay ng Diyos (Gr. *Zoe*) tungo sa ating espiritu; kailangan nating lahat na makita ang dakilang pahayag na kahit papaano isang bahagi ng ating katauhan, ang ating espiritu, ay zoe; kapag inilagak natin ang ating kaisipan sa espiritu, ang ating kaisipan, na kumakatawan sa ating kaluluwa, ay nagiging zoe; gayundin, ang zoe ay maaaring maipamahagi sa pamamagitan ng paggawa ng kautusan ng Espiritu ng buhay tungo sa ating mortal na katawan; sa ganitong paraan ay nagiging mga tao tayo na zoe sa ating buong tatlong bahaging katauhan upang tayo ay maging lunsod ng zoe, ang Bagong Herusalem—Apoc. 21:6; 22:1-2, 14.

I. Sa katapusan, ihahanda tayo ng buhay na ito upang maging kasintahang babae ni Kristo, na magsasanhi sa Panginoon na bumalik at ihatid tayo tungo sa susunod na kapanahunan; sa kadahilanang ito ang mahalagang pokus ng Biblia at ng sansinukob ay nasa Roma 8.

**III. Inihahayag sa Roma 8 na ibinibigay ng naprosesong Tres-unong Diyos bilang kautusan ng Espiritu ng buhay ang dibinong buhay sa mga mananampalataya para sa kanilang pamumuhay; ito ang karanasan sa dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—bb. 2, 10, 6, 11, 28-29:**

A. Ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang Espiritung nagbibigay-buhay na inilagay tungo sa ating espiritu ay maihahalintulad sa elektrisidad; ang paggawa ng Diyos bilang kautusan ng dibinong “elektrisidad” sa loob natin ay kinakailangan ang ating pakikipagtulungan na “buksan (switch on)” ang kautusang ito sa pamamagitan ng panalangin—Col. 4:2; Efe. 6:17-18; 1 Tes. 5:17; cf. Mat. 24:27 (tingnan ang dalawang huling pangungusap ng talababa 1).

B. Habang tayo ay nananatili sa paghipo sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin, nananatiling nakaugnay sa Kanya sa ating espiritu, ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay gumagawa nang awtomatiko, kusang-kusa, at walang kahirap-hirap sa loob natin—Heb. 11:1, 5-6; 2 Cor. 4:13; Mat. 8:3, 15; 9:20-21, 29; 14:36; 17:7; 20:34; Juan 4:23-24; Fil. 2:12-13; Roma 8:2, 4, 6, 13-16, 23; 1 Tes. 5:16-18.

C. Ang kahulugan ng panalangin ay ang sipsipin natin ang Diyos; lalo nating kinakaugnay ang Diyos, lalo natin Siyang masisipsip; at lalo natin Siyang sinisipsip, lalo natin Siyang tinatamasa bilang ating liwanag at ating kaligtasan—2 Hari 19:30; Isa. 37:31; Mat. 6:6; Awit 119:15:

1. Sinasabi ni David sa Awit 27:1, “[Si Jehovah] ay aking liwanag at aking kaligtasan”; kinaugnay at sinipsip niya ang Diyos sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanya bilang kagandahan (b. 4); kaya, siya ay naliwanagan at nakatanggap ng kaligtasan sa loob.
2. May isang himno na nagsasabi, “Just as I am” (*Mga Himno,* #1048); ito ay nangangahulugan na dapat tayong lumapit sa Diyos kung ano lamang tayo nang hindi sinisikap na pabutihin o baguhin ang ating kalagayan; tinanggap natin si Kristo sa ganitong paraan, at dapat tayong lumakad kay Kristo sa ganitong paraan—Col. 2:6-7a.
3. Ang manalangin ay ang lumapit sa Panginoon kung ano lamang tayo; kapag lumapit tayo sa Panginoon, dapat nating ilatag sa harap Niya ang ating panloob na kalagayan at sabihin sa Kanya na kapos tayo sa bawat bagay; kahit na kung tayo ay mahina, lito, malungkot, at walang

masabi, maaari pa rin tayong lumapit sa Diyos; anuman ang ating panloob na kalagayan, dapat nating dalhin ito sa Diyos.

4. Sa halip na intindihin ang ating kalagayan, kailangan nating pumasok sa presensiya ng Diyos upang kaugnayin Siya sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanya, minamasdan Siya, pagpuri sa Kanya, pagpapasalamat sa Kanya, pagsamba sa Kanya, at pagsipsip sa Kanya; sa gayon ay matatamasa natin ang kayamanan ng Diyos, matitikman ang Kanyang katamisan, matatanggap Siya bilang liwanag at kapangyarihan, at panloob na magiging payapa, maliwanag, malakas, at napalakas; matututuhan natin sa gayon ang aral ng pananatiling nakaugnay sa Kanya kapag tayo ay naghahain ng salita sa mga banal—1 Ped. 4:10-11; 2 Cor. 2:17; 13:3.

D. Ang kahulugan ng panalangin ay ang ihayag din natin ang Diyos; sinasabi ni David sa Awit 27:4 na hindi lamang niya ninais na masdan ang kagandahan ni Jehovah bagkus gayundin ang "sumangguni sa Kanyang templo"; ang sumangguni ay ang hayaan ang Diyos na magsalita sa loob natin upang ang mga salitang sinabi sa Kanya sa panalangin sa katunayan ay ang pagsasalita ng Diyos sa loob natin, mga pahayag ng Diyos:

1. Ang totoong panalangin ay ang ating paglapit sa Diyos, hinahayaan ang Diyos na magsalita sa loob natin, at inihahayag sa Diyos ang kung ano ang Kanyang isinalita pabalik sa Kanya: "[Nang] sinabi Mo, Hanapin ninyo ang Aking mukha, / Sabi ng aking puso sa Iyo, Ang Iyong mukha, [O Jehovah], ay aking hinahanap" (b. 8).
2. Kapag talagang nahipo, nakaugnay, at nasipsip natin ang Diyos, magsasalita Siya sa loob natin; pagkatapos ay mananalangin tayo ayon sa Kanyang panloob na pagsasalita; ang manalagin ay ang magtungo sa Diyos, katagpuin Siya, lumapit sa Kanya, makipag-usap sa Kanya, at sipsipin Siya nang sa gayon ay makapagsalita Siya sa atin sa panloob na paraan; kapag ipinanalangin natin sa Kanya ang Kanyang mga salita sa atin, ang ating panalangin ay maghahayag ng Diyos—Juan 15:7.
3. Sa unang aspekto ng ating panalangin, pumapasok tayo sa pakikipagsalamuha sa Diyos, na nagpapahid sa atin sa gayon ng Kanyang kabigatan para sa gawain at naghahayag ng Kanyang intensiyon sa atin; ang ikalawang aspekto ng ating panalangin ay ang sumangguni sa gayon sa Panginoon sa pamamagitan ng paghiling sa Kanya hinggil sa Kanyang kalooban at Kanyang kabigatan para sa gawain; pagkatapos ay isasagawa natin ang layunin ng panalangin sa pamamagitan ng pakikipagkoordina sa Diyos upang maging kamanggagawa ng Diyos—Isa. 62:6-7; 45:11; Ezek. 22:30; Dan. 9:2-4; 1 Sam. 12:23; 1 Cor. 3:9; 2 Cor. 6:1a.
4. Pinararangalan ng mga sumasangguning panalangin ang Diyos; nalalaman ni David kung paano manalangin dahil madalas siyang sumangguni kay Jehovah (1 Sam. 22:10; 23:2, 4; 30:8; 2 Sam. 2:1; 5:19, 23); pagkatapos magsalita ng Diyos kay David sa pamamagitan ni Nathan na propeta, si David ay "umupo sa harap [ni Jehovah]" (7:18) at sinabi sa Panginoon, "Iyong gawin gaya ng Iyong sinalita" (b. 25b); pagkatapos ay sinabi niya sa Panginoong na, dahil sa Kanyang pagsasalita, "Nasumpungan ng Iyong lingkod sa kanyang puso na [ipanalangin] ang panalanging ito sa Iyo" (b. 27).

E. Dapat tayong makipagtulungan sa nananahanan, inilagay, awtomatiko, at panloob na gumagawang Diyos bilang kautusan ng Espiritu ng buhay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya upang mapanatili ang ating pakikipagsalamuha sa Kanya—Roma 10:12-13; Gen. 13:18; 1 Tes. 5:17; Efe. 6:17-18; Fil. 4:5-7, 12-13; Awit 62:7-8.

**IV. Kapag pinakinggan natin ang panloob na pandama ng espiritu, ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagiging aktibo sa loob natin; ang lihim ng ating buhay-Kristiyano na dapat nating lahat na matutuhan ay matatagpuan sa Roma 8:6, na siyang pinakamahalagang bersikulo sa Biblia kaugnay sa ating espiritwal na karanasan kay Kristo bilang kautusan ng Espiritu ng**

**buhay—"ang kaisipang inilagak sa laman ay kamatayan, datapwat ang kaisipang inilagak sa espiritu ay buhay at kapayapaan":**

A. Ang ilagak ang kaisipan sa laman ay nangangahulugang pumanig sa laman, makipagtulungan sa laman, at manindigan sa laman; ang ilagak ang kaispan sa espiritu ay ang makinig sa espiritu, pumanig sa espiritu, makipagtulungan sa espiritu, at manindigan sa espiritu, yaon ay, magbigay-pansin sa ating espiritu—Mal. 2:15-16.

B. Kapag pinakinggan natin ang panloob na pandama ng espiritu, sumusunod sa panloob na pandama ng buhay at kapayapaan, pinararangalan natin ang Panginoon bilang Ulo ng Katawan para sa Kanyang namumukod-tanging pagkilos; sa kanyang ebanghelyong paglilingkod si apostol Pablo ay isang bihag ni Kristo, na hindi napamamahalaan ng kanyang panlabas na kapaligiran kundi ng kung siya ba ay may " katiwasayan sa aking espiritu" o wala (2 Cor. 2:13); ang kanyang espiritu ang pinakanangungunang bahagi ng kanyang katauhan, at siya ay napangingibabawan, napamamahalaan, napangangasiwaan, napakikilos, at napangungunahan ng kanyang pinaghalong espiritu (1 Cor. 2:15; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17; 2 Cor. 2:12-14; 7:5-6).

**V. Sa kahuli-hulihan, ang ating pamumuhay sa dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng pagtatamasa sa nananahanan at awtomatikong kautusan ng Espiritu ng buhay ay nasa Katawan ni Kristo at para sa Katawan ni Kristo na may gol na gawin tayong Diyos sa buhay, kalikasan, at kahayagan subalit hindi sa pagka-Diyos upang isakatuparan ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—ang Bagong Herusalem—Roma 8:2, 28-29; 12:1-2; 11:36; 16:27; Fil. 1:19; cf. Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19, 26-28, 31.**

*© 2022 Living Stream Ministry*